Mensahe Dalawa

## Ang Pinakalaman ng Aklat ng Jeremias

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 2:13; 17:9; 13:23; 23:5-6; 33:16; 31:33-34

**I. Ang pinakalaman ng aklat ng Jeremias ay kinabibilangan ng tatlong bagay—kung ano ang nais ng Diyos mula sa atin, kung ano tayo sa ating natisod na kalagayan, at kung ano si Kristo sa atin; upang makita ang tatlong bagay na ito, kailangan nating "biyakin" ang balat ng Jeremias at magtuon sa pinakalaman sa loob, na siyang ang kumpletong pagtuturo ng buong Biblia.**

**II. Ang nais ng Diyos mula sa atin ay pangunahing binanggit sa Jeremias 2:13, na naghahayag na ang ating Diyos ay ang bukal ng mga buháy na tubig:**

A. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang maging bukal, ang pinagmumulan, ng mga buháy na tubig upang bigyan tayo ng kasiyahan para sa ating katamasahan; nais Niyang kunin natin Siya bilang ang pinagmumulan, ang bukal, ng ating katauhan; ang tanging paraan upang kunin ang Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig ay ang inumin Siya araw kada araw—b. 13; 1 Cor. 12:13; Roma 11:36:

1. Hinihiling nito na patuloy tayong tumawag sa Panginoon (na may pasasalamat, kagalakan, panalangin, at pagpuri) at umigib ng tubig na may kagalakan mula sa Kanya bilang bukal ng mga buháy na tubig—Isa. 12:3-4; Juan 4:10, 14; Roma 10:12; 1 Tes. 5:16-18; 4:3a.
2. Ipinakikita ng Isaias 12:3 na ang paraan upang tanggapin ang Diyos bilang ating kaligtasan ay ang umigib ng tubig mula sa mga balon ng kaligtasan, yaon ay, ang inumin Siya—Awit 36:8; Juan 4:14; 7:37; 1 Cor. 12:13; Apoc. 22:17; 1 Cron. 16:8; Awit 105:1; 116:1-4, 12-13, 17:
   a. Upang maging ating kaligtasan, ang Tres-unong Diyos ay naproseso upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay bilang ang buháy na tubig, ang tubig ng buhay; ang praktikal na pagliligtas ng Diyos ay ang naprosesong Tres-unong Diyos Mismo bilang ang buháy na tubig—1 Cor. 15:45; Juan 7:37-39; Apoc. 7:17; 21:6; 22:1, 17.
   b. Ang bukal ay ang pinagmumulan, ang balon ay ang pagbalong, ang kinalabasan, ng pinagmumulan, at ang ilog ay ang pagdaloy; ang katagang *ang mga balon ng kaligtasan* ay nagpapahiwatig na ang kaligtasan ay ang pinagmumulan, yaon ay, ang bukal; ang Diyos bilang ating kaligtasan ay ang bukal (Isa. 12:2), si Kristo ay ang mga balon ng kaligtasan para sa ating katamasahan at karanasan (Juan 4:14), at ang Espiritu ay ang pagdaloy ng kaligtasang ito sa loob natin (7:38-39).
   c. Upang matamasa ang kaligtasan, kailangan nating matanto na ang Panginoon Mismo ay ang ating kaligtasan, kalakasan, at awit at sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang pangalan ay makakaigib tayo ng tubig na may kagalakan mula sa mga balon ng kaligtasan—Isa. 12:2-3.
   d. Ang paraan upang umigib ng tubig mula sa mga balon ng dibinong kaligtasan ay kinabibilangan ng pagsisisi, pagtawag, pag-awit, pagpapasalamat, pagpuri, at pagpapabatid ng mga nagliligtas na gawain ng Diyos—bb. 4-6.

B. Kapag ang buháy na tubig ay pumapasok sa natin, tinitigmakan tayo nito, dumadaan sa buong katauhan natin, at naaasimila natin, sinasanhi tayong mapakain, matransporma, mapawangis, at maluwalhati—b. 3; Juan 4:10, 14; Roma 12:2; 8:29-30.

C. "Ang tubig na sa kanya ay Aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal tungo sa buhay na walang hanggan"—Juan 4:14b:

1. Dumadaloy ang Tres-unong Diyos sa Dibinong Trinidad sa tatlong yugto: ang Ama ay ang bukal, ang Anak ay ang mga balon, at ang Espiritu ay ang ilog.
2. Ang pagdaloy ng Tres-unong Diyos ay "tungo sa buhay na walang hanggan":
   a. Ang Bagong Herusalem ay ang kabuuan ng buhay na walang hanggan, at ang salitang *tungo sa* ay nangangahulugang "maging"; kaya, ang *tungo sa buhay na walang hanggan* ay nangangahulugang ang maging kabuuan ng buhay na walang hanggan, ang Bagong Herusalem.
   b. Sa pamamagitan ng pag-inom sa buháy na tubig, tayo ay nagiging ang Bagong Herusalem, ang kabuuan ng buhay na walang hanggan, ang destinasyon ng dumadaloy na Tres-unong Diyos.

D. Ang gol ng Diyos sa pagiging ang bukal ng mga buháy na tubig ay ang ibunga ang ekklesia bilang Kanyang pagpaparami upang maging Kanyang kapuspusan para sa Kanyang kahayagan; ito ang nais ng puso, ang mabuting kaluguran, ng Diyos sa Kanyang ekonomiya—Jer. 2:13; Panag. 3:22-24; 1 Cor. 1:9; Efe. 1:5, 9, 22-23.

E. Walang anumang bagay na hiwalay sa Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig ang makapapawi sa ating uhaw at makapagbibigay-kasiyahan sa atin; walang anumang bagay na hiwalay sa Diyos na naipamahagi tungo sa ating katauhan ang makapagsasanhi sa ating maging Kanyang pagpaparami para sa Kanyang kahayagan—Apoc. 22:1, 17.

F. Kailangan nating matanto na sa tuwing ang bayan ng Diyos ay kulang ng Espiritu ng buhay bilang tubig ng buhay, magkakaroon sila ng mga suliranin; kung ang bayan ng Diyos ay may kasaganaan ng nagliligtas na Espiritu bilang buháy na tubig, ang kanilang mga suliranin sa gitna nila at sa Diyos ay malulutas—Exo. 17:1-7; Bil. 20:2-13.

## III. Isa pang aspekto ng pinakalaman ng aklat ng Jeremias ay ang paghahantad ng kung ano tayo sa ating natisod na kalagayan:

A. "Ang puso ay mandaraya kaysa lahat ng bagay, / At lubhang napakasama; / Sinong makakaunawa nito?"—17:9:

1. Kahit ang salitang ito hinggil sa mandaraya at napakasamang puso ng tao ay may kaugnayan sa ekonomiya ng Diyos sa Kanyang pamamahagi; bagama't masama at mandaraya ang puso ng tao at napakasama ng kalagayan nito, kahit ang gayong puso ay maaaring maging isang tapyas ng puso kung saan maisusulat ng Diyos ang Kanyang kautusan ng buhay—31:33; cf. 2 Cor. 3:3.
2. Inihahayag nito na may paraan ang Diyos na maipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa tao; sa sandaling pumasok Siya tungo sa tao, ang Diyos ay lalaganap mula sa espiritu ng tao tungo sa kanyang puso; ito ang paraan ng Diyos, ayon sa Kanyang ekonomiya, upang tuusin ang puso ng natisod na tao.

B. "Mababago ba ng taga-Etiopia ang kanyang balat, / O ng leopardo ang kanyang mga batik? / Kung gayon ay makagagawa rin kayo ng mabuti, / Kayong mga sanay gumawa ng masama"—Jer. 13:23:

1. Sa pagtalikod sa Diyos bilang ang pinagmumulan, ang bukal ng mga buháy na tubig (2:13), ang Israel ay naging masama, nagtataglay ng isang di-mababago at makasalanang kalikasan, gaya ng balat ng taga-Etiopia at ng mga batik ng leopardo, na hindi na mababago; inihahantad nito ang tunay na kalagayan ng natisod na tao.
2. Bilang mga natisod na tao, sa ating sarili at sa pamamagitan ng ating sarili at kalakip ang ating sarili tayo ay di-mapapagaling at di-mababago—Roma 7:18, Mat. 12:34-35; 15:7-11, 18-20; 1 Cron. 28:9; cf. Ezek. 36:26-27; Jer. 32:39-40.

C. Bawat isang tunay na nakakakita ng isang pangitain ng Panginoon sa Kanyang kaluwalhatian ay naliliwanagan sa kanyang budhi hinggil sa kanyang karumihan; kung gaano natin natatanto ang hinggil sa ating sarili ay nakadepende sa kung gaano natin nakikita ang Panginoon—Isa. 6:5; Juan 12:41; Job 42:5-6; cf. Luc. 5:8:

1. Lalo nating nakikita ang Panginoon at lalo tayong naihahantad, lalo tayong nalilinisan; ang ating pakikipagsalamuha sa Panginoon ay kailangang mapanatili sa pamamagitan ng palagiang paglilinis ng dugo ng Panginoon—1 Juan 1:7, 9.
2. Sa Bagong Tipang pakahulugan, ang pagkakita sa Diyos ay katumbas ng pagtamo sa Diyos sa ating personal na karanasan; ang tamuhin ang Diyos ay ang tanggapin ang Diyos sa Kanyang elemento, sa Kanyang buhay, at sa Kanyang kalikasan upang tayo ay maging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa Pagka-Diyos.
3. Ang pagkakita sa Diyos ang nagtatransporma sa atin (2 Cor. 3:16, 18; Mat. 5:8), sapagkat sa pagkakita sa Diyos ay natatanggap natin ang Kanyang elemento tungo sa atin, at ang ating lumang elemento ay naaalis; ang makita ang Diyos ay ang matransporma tungo sa maluwalhating larawan ni Kristo, ang Diyos-tao, upang maihayag natin ang Diyos sa Kanyang buhay at maikatawan Siya sa Kanyang awtoridad.
4. Ang mismong Diyos na tinitingnan natin ngayon ay ang napasukdol na Espiritu, at matitingnan natin Siya sa loob ng ating espiritu; sa ating pang-umagang pagbabantay, kahit sa loob lamang ng labinlima o dalawampung minuto, may panahon tayong makasama ang Panginoon, panahon upang manatili sa Espiritu.
5. Maaari nating ibasa-dalangin ang Kanyang Salita, makipag-usap sa Kanya, o manalangin sa Kanya ng mga maikling panalangin; pagkatapos ay magkakaroon tayo ng pandama na tinatanggap natin ang elemento ng Diyos, na sinisipsip natin ang kayamanan ng Diyos tungo sa ating katauhan; sa ganitong paraan ay nasa ilalim tayo ng dibinong transpormasyon araw kada araw; ito ay lubos na sa pamamagitan ng ating pagtingin sa mismong napasukdol na Diyos bilang ang Espiritu sa loob ng ating espiritu.
6. Lalo nating nakikita ang Diyos, nakikilala ang Diyos, at iniibig ang Diyos, lalo nating kinamumuhian ang ating sarili at lalo nating itatatwa ang ating sarili—Job 42:6; Mat. 16:24; Lukc 9:23; 14:26.

**IV. Ang ikatlong bagay sa pinakalaman ng aklat ng Jeremias ay ang kung ano si Kristo sa atin:**

A. “Narito ang mga araw ay dumarating, / Sabi ni Jehovah, / Na Ako’y magbabangon para kay David ng isang matuwid na Sanga... / At ito ang pangalan na itatawag sa Kanya, / Jehovah ang ating katuwiran”—23:5-6; cf. 33:16:

1. Ang *Jehovah ang ating katuwiran* ay tumutukoy kay Kristo sa Kanyang pagkadibino, at ang *isang matuwid na Sanga* ay tumutukoy kay Kristo sa Kanyang pagkatao.
2. Ang pangalan dito, si Jehovah ang ating katuwiran, ay nagpapahiwatig na si Kristo, bilang isang inapo ni David, ay hindi lamang isang tao bagkus ang mismong Jehovah din na lumikha ng mga kalangitan at ng lupa, ang pumili kay Abraham, ang nagtatag sa lahi ni

Israel, at ang Panginoon ni David, ang Isa na tinawag niyang Panginoon (Mat. 22:42-45; cf. Apoc. 5:5; 22:16); dumating si Kristo bilang ang Sanga ni David (ang anak ni David) na si Jehovah Mismo (ang Panginoon ni David) upang maging ang katuwiran ng bayan ng Diyos (1 Cor. 1:30):

a. Taglay ang Kanyang pagtutubos bilang batayan, maaari tayong manampalataya tungo kay Kristo upang matanggap ang pagpapatawad ng Diyos (Gawa 10:43), at maaari tayong ariing-matuwid ng Diyos (Roma 3:24, 26) at bihisan tayo ng Kristo bilang ang balabal ng katuwiran (Isa. 61:10).

b. Binubuksan nito ang daan para kay Kristo bilang ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos (Col. 2:9) na makapasok sa atin bilang ating buhay (3:4a), ang ating panloob na kautusan ng buhay (Jer. 31:33), at ating lahat-lahat upang maipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa ating buong katauhan para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos.

B. Si Kristo Mismo ay ang bagong kasunduan, ang bagong tipan, ng buhay na ibinigay sa atin ng Diyos—Isa. 42:6; 49:8; Jer. 31:31-34; Heb. 8:8-12:

1. Sa Griyego ang parehong salita ay ginamit kapwa para sa *tipan* at *testamento*:

a. Ang isang tipan at isang testamento ay magkapareho, subalit kung nabubuhay pa ang gumawa ng tipan, ito ay isang tipan, at kung namatay na siya, ito ay isang testamento; ang isang testamento sa salita ngayon ay isang habilin.

b. Ang isang tipan ay isang kasunduang naglalaman ng ilang pangako upang isakatuparan ang mga tiyak na bagay para sa pinagkatipang bayan, samantalang ang isang testamento ay isang habiling naglalaman ng mga tiyak na naisakatuparang bagay na ipamamana sa tagapagmana—9:16-17; cf. Deut. 11:29; 28:1, 15; Jer. 31:31-32.

2. Ang lumang tipan ng kautusan ay isang larawan ng Diyos, subalit ang bagong tipan ng biyaya ay ang persona ng Diyos—Juan 1:16-17:

a. Kapag nanampalataya tayo tungo kay Kristo, ang persona ng larawang ito ay pumapasok sa atin, at isinasakatuparan Niya sa loob natin ang mga matuwid na kahilingan ng kautusan habang lumalakad tayo ayon sa espiritu at inilalagak ang ating kaisipan sa espiritu—Ezek. 36:26-27; Roma 8:2, 4, 6, 10.

b. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan isinakatuparan ni Kristo ang mga kahilingan ng katuwiran ng Diyos ayon sa Kanyang kautusan at pinagtibay ang bagong tipan (6:23; 3:21; 10:3-4; Luc. 22:20; Heb. 9:16-17), at sa Kanyang pagkabuhay na muli Siya ay naging ang bagong tipan kalakip ng lahat ng pamana nito (1 Cor. 15:45b; Isa. 42:6; Fil. 1:19).

c. Sa Kanyang pag-akyat sa langit ay binuksan ni Kristo ang balumbon ng bagong tipan hinggil sa ekonomiya ng Diyos, at sa Kanyang makalangit na ministeryo bilang ang Tagapamagitan, ang Tagapagsagawa, ay Kanyang isinasagawa ang mga nilalaman nito—Apoc. 5:1-5; Heb. 8:6; 9:15; 12:24.

d. Bilang ang Leon ng lipi ni Judah, dinaig at tinalo ni Kristo si Satanas, bilang ang nagtutubos na Kordero, inalis ni Kristo ang kasalanan at mga kasalanan ng natisod na tao, at bilang ang pitong Espiritu, nilalalinan tayo ni Kristo ng Kanyang sarili bilang ang mga nilalaman ng balumbon ng bagong tipan—Apoc. 5:5-6; Juan 1:29.

e. Ang pagliligtas ng Diyos, ang mga pagpapala ng Diyos, at ang lahat ng kayamanan ng Diyos ay naipagtipan na sa atin, at ang tipang ito ay si Kristo; ang realidad ng lahat ng daan-daang pamana sa Bagong Tipan ay si Kristo; hinabilin sa atin ng Diyos ang

Kanyang sarili sa loob ni Kristo bilang Espiritu—Gen. 22:18a; Gal. 3:14; 1 Cor. 1:30; 15:45b; Efe. 1:3; 3:8; Juan 20:22.

3. Ang ating espiritu ay ang "*bank account*" ng lahat ng pamana ng bagong tipan; sa pamamagitan ng kautusan ng Espiritu ng buhay, ang lahat ng pamanang ito ay naipamamahagi tungo sa atin at nagiging tunay sa atin—Roma 8:2, 10, 6, 11, 16; Heb. 8:10; Juan 16:13.
4. Ang sentro, ang nilalaman, at ang realidad ng bagong tipan ay ang panloob na kautusan ng buhay (Roma 8:2); sa esensiya ang kautusan nito ay tumutukoy sa dibinong buhay, at ang dibinong buhay ay ang Tres-unong Diyos, na naisakatawan sa nagpapaloob ng lahat na Kristo at naisarealidad bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay (Col. 2:9; 1 Cor. 15:45); Siya ang Isa na naproseso at napasukdol upang maging lahat-lahat sa Kanyang piniling bayan:
    a. Sa bagong tipan ay inilalagay ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan bilang kanilang buhay, at ang buhay na ito ay isang kautusan, isang likas na kapangyarihan at isang awtomatikong prinsipyo—Heb. 8:10; Roma 8:2.
    b. Ayon sa buhay nito, ang kautusan ng bagong tipan ay ang naprosesong Tres-unong Diyos, at ayon sa pangsyon nito, ito ay ang makapangyarihang dibinong kapasidad; ang kapasidad na ito ay makagagawa ng lahat ng bagay sa loob natin para sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos.
    c. Sa esensiya ang kautusang ito ay ang Diyos sa loob ni Kristo bilang ang Espiritu, at sa pangsyon ay may kapasidad itong gawin tayong Diyos (bb. 2, 10, 6, 11, 28-29); higit pa rito, ang kapasidad ng panloob na kautusan ng buhay ay binubuuan tayong mga sangkap ng Katawan ni Kristo (1 Cor. 12:27; Efe. 5:30) kalakip ang lahat ng uri ng pangsyon (Roma 12:3-8; Efe. 4:11, 16).
    d. Ang pagsulat ng kautusan ng buhay sa puso natin ay tumutugma sa Bagong Tipang pagtuturo hinggil sa paglaganap ng dibinong buhay mula sa sentro ng ating katauhan, ang ating espiritu, patungo sa palibot, ang ating puso (Heb. 8:10; Roma 8:9; Efe. 3:17); isinusulat ng Diyos ang Kanyang kautusan sa ating puso sa pamamagitan ng pagkilos mula sa ating espiritu tungo sa ating puso upang isulat kung ano Siya tungo sa ating katauhan (2 Cor. 3:3).
    e. Sa pamamagitan ng likas, awtomatikong pangsyon ng dibinong buhay sa loob natin, may kapasidad tayo upang makilala ang Diyos, upang ipamuhay ang Diyos, at upang maging Diyos sa Kanyang buhay at kalikasan ngunit hindi sa Kanyang Pagka-Diyos upang tayo ay maging ang Kanyang pagpaparami, ang Kanyang paglaki, upang maging ang Kanyang kapuspusan para sa Kanyang walang hanggang kahayagan—Efe. 3:16-21.

*© 2020 Living Stream Ministry*